| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | MAPEH |
| | Teaching Dates and Time: | WEEK 2 | Quarter: | 4$^{TH}$ Quarter |

| | Monday | Tuesday | Wednesday | Thursday | Friday |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. OBJECTIVES** | | | | | |
| **A. Content Standards** | The learner…<br><br>demonstrates understanding of concepts pertaining to volume in music | The learner…<br><br>demonstrates understanding of concepts pertaining to volume in music | **The learner…**<br><br>demonstrates understanding of colors, shapes, space, repetition, and balance through sculpture and 3-dimensional craft. | The learner…<br><br>demonstrates understanding of basic first aid principles and procedures for common injuries | The learner . . .<br><br>demonstrates understanding of participation and assessment of physical activity and physical fitness |
| **B. Performance Standards** | The learner…<br><br>applies dynamics to musical selections | The learner…<br><br>applies dynamics to musical selections | **The learner…**<br>demonstrates fundamental construction skills in making a 3-dimensional craft that expresses balance, artistic design, and repeated variation<br>of decorations and colors<br>1. papier-mâché jars with patterns<br>2. paper beads<br>constructs 3-D craft using primary and secondary colors, geometric shapes, space, and repetition of colors to show balance of the structure and shape | The learner…<br><br>practices appropriate first aid principles and procedures for common injuries | The learner . . .<br><br>participates and assesses performance in physical activities.<br>assesses physical fitness |
| **C. Learning Competencies/Objectives**<br>**ite the LC code for each** | uses appropriate musical terminology to indicate variations in dynamics, specifically:<br>2.1 piano (**p**)<br>2.2 mezzo piano (**mp**)<br>2.3 forte(**f**)<br>2.4 mezzo forte (**mf**)<br>2.5 crescendo<br><br>**MU5DY-IVa-b-2** | uses appropriate musical terminology to indicate variations in dynamics, specifically:<br>2.1 piano (**p**)<br>2.2 mezzo piano (**mp**)<br>2.3 forte(**f**)<br>2.4 mezzo forte (**mf**)<br>2.5 crescendo<br><br>**MU5DY-IVa-b-2** | identifies the different techniques in making 3-dimensional crafts<br>2.1 mobile<br>2.2 papier-mâché jar<br>2.3 paper beads<br><br>**A5EL-IVb** | explains the nature and objectives of first aid<br><br>H5IS-IVa-34 | Explain the indicators for fitness<br><br>**PE5PF-IVa-17** |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **II. CONTENT** | Antas ng Dynamics | Antas ng Dynamics | Elemento ng Sining: Kulay, Hugis at Espasyo | Pinagmulan at Layunin ng mga Pangunang Lunas | Paglinang Ng Balanse |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | | |
| **A. References** | | | | | |
| **1. Teacher's Guide pages** | | | | | |
| **2. Learner's Material pages** | | | | | |
| **3. Textbook pages** | Umawit at Gumuhit 5<br>pahina 65<br>Musika, Sining at Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan 5 ph.43 | Umawit at Gumuhit 5<br>pahina 65<br>Musika, Sining at Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan 5 ph.43 | | | |
| **4. Additional Materials from Learning Resource (LR) portal** | | | | | |
| **B. Other Learning Resources** | | | | | |
| **IV. PROCEDURES** | | | | | |
| **A. Reviewing previous lesson or presenting the new lesson** | Pagtambalin ang mga simbolong pang dynamics at ang kahulugan nito na nakasulat sa metacards na makikita ninyo sa ilalim ng inyong upuan.<br>Gagawin ito sa loob ng dalawang minuto. | Rhytmic Clapping | Ano-ano ang mga kagamitan o materyales na maaari nating gamitin sa paggawa ng paper mache jar?<br>Ipakita ang larawan ng yaring papier mache na may ibat-ibang hugis at kulay.<br>Paano makagagawa ng epektibong papier mache gamit ang ibat-ibang teknik?<br> | Bakit kailangang bigyan ng pangunang lunas ang isang taong nasaktan? | Pampasiglang Gawain<br>🎬 Pagdyaging sa lugar<br>🎬 Pagpapaikot ng braso<br>🎬 Paglukso ni Jack<br>🎬 Ipaalaala sa mga bata ang pag-iingat sa pagsasagawa.<br><br>Ano ano ang iba"t ibang sangkap ng *skill related fitness*? |
| **B. Establishing a purpose for the lesson** | Ipaawit sa mga mag-aaral ang Natutulog ang Bata.Iparinig ang | Ipaawit sa mga mag-aaral ang Natutulog ang Bata.Iparinig | Ang Papier- mache ay salitang Pranses na ang ibig sabihin ay nginuyang papel na gawa mula sa | Magpapanood ng isang video clip ang guro gamit ang LED | Sa pamamagitan ng isang *picture puzzle,* bibigyan ang bawat pangkat ng mga pira-pirasong |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | angkop na dynamics sa bahagi ng awit.<br>Natutulog ang Bata<br>Piano – Natutulog, natutulog, ang bata, ang bata<br>Forte – Atin syang gisingin, atin syang gisingin<br>Gising na, Gising na. | ang angkop na dynamics sa bahagi ng awit.<br>Natutulog ang Bata<br>Piano – Natutulog, natutulog, ang bata, ang bata<br>Forte – Atin syang gisingin, atin syang gisingin<br>Gising na, Gising na. | piraso ng mga papel o durog na papel na binuo sa pamamagitan ng glue, starch o pandikit.<br>Ang bayan ng Paete ay kilala sa taka o papier mache na siyang pangunahing pinagkakakitaan ng mga mamamayan dito pangalawa sa pag-uukit.<br>May dalawang paraan ang pagtataka o papier mache. Una, ang paggamit ng dinurog na papel matapos ibabad sa tubig. Ito ay hahaluan ng glue at siyang gagawing taka. Ikalawang paraan ay ang paggamit ng pinilas na mga papel at ididikit sa isang molde. At matapos mabuo ang dibuho mula sa molde ay tatanggalin mula sa molde at ididikit upang makabuo ng isang proyektong may katulad na hugis sa moldeng ginamit. | TV ang "Pangunang Lunas Sakaling Maputukan"<br>https://www.youtube.com/results?search_query=pangunang+lunas+sakaling+maputukan<br>- Bakit ginagawa ang pantulong lunas?<br>- Ano ang kahalagahan nito sa pang-araw-araw na pamumuhay? | larawan kung saan bubuuin nila ito. Ang unang pangkat na makabubuo ng mahiwagang larawan ang siyang mananalo. |
| **C. Presenting examples/instances of the new lesson** | Iparinig ang tono ng awit sa mga mag-aaral | Panoorin ang video ng awit "Ang Bayan ko". Pakinggan ang pyesa ng awit Ang Bayan ko. | a. Ano ang nakikita ninyo sa larawan?<br>b. Paano kaya ginawa ang mga likhang sining na ito?<br> | Magbibigay ang guro ng isang sitwasyon ukol sa aralin<br>Halimbawa:<br>Nakita mong nahulog sa puno ng santol si Carlo. Humingi ka ng tulong sa inyong guro si Gng. Patricio na kapitbahay nyo. Agad na pumunta ang guro at tiningnan ang kalagayan ni Carlo. Nagpakuha si Gng Patricio ng isang higaan at doon binuhat si Carlo. | Tanungin ang mga bata kung sino ang nais maging *ballerina* balang-araw at bakit. Itanong rin sa kanila kung ano ano ang mga kasanayan na dapat malinang bilang isang *ballerina.*<br> |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **D. Discussing new concepts and practicing new skills #1** | <br>Pangkatang Gawain<br>Bibigyan ng sipi ng awit na High and Low ang bawat pangkat.<br>1. Suriin ang awit.<br>2. Pag-usapan ng pangkat ang angkop na dynamics na maaaring gamitin sa ilang bahagi ng awit<br>3. Maghanda ang pangkat sa pag-awit nito gamit ang antas ng dynamics na inilagay ninyo.<br><br>Aling mga bahagi ng awit ang nilagyan ninyo ng antas ng dynamics?<br>Anong antas ng dynamics ang ginamit ninyo?<br>Ano ang pinagbatayan ninyo sa paglalagay ng dynamics?<br>Paano ninyo isinagawa ang pangkatang gawain?<br>Ano ang naramdaman ninyo sa naging resulta ng inyong gawain? | Ang Dynamics ay tumutukoy sa paglakas at paghina ng pag-awit at pagtugtog. May angkop na antas ang dynamics upang maunawaan ang nais ipahiwatig ng isang awit o tugtugin.<br>May tatlong antas ang Dynamics:<br>● Mahinang Pag-awit (p) – ginagamit sa malulungkot na himig o sa mga awit sa pagpapatulog.<br>● Katamtamang Lakas sa pag-awit (mf)—pamamaraan ng pag-awit na hindi gaanong mahina at ddi-gaanong malakas.<br>● Malakas na Pag-awit (f)—Ito ay nangangahulugan nang malakas na pag-awit o pagtugtog. Ang paglakas ay ginagawa sa mga bahaging nais bigyan ng diin. | Suriin ang mga ibat-ibang paraan sa paggawa ng papier mache jar.<br>**Papier Mache ng mga Sinaunang Hayop**<br>**Kagamitan** : Mga lumang dyaryo, pandikit, rugby, stick, molde ng banga, brown paper, wax, cutter, pintura at paint brush<br>**Mga Hakbang sa Paggawa**<br>1. Ihanda ang mga kagamitan.<br>2. Pahiran ng manipis ng wax ang molde.<br>3. Pahiran ng pandikit ang lumang dyaryo at patungan ito ng isa pang pahina ng dyaryo.<br>4. Idikit ito sa molde. Maaring punitin ang dyaryo ayon sa molde upang maiwasan ang gusot. Siguruhing lahat ng parte ng molde ay nalagyanng dyaryo. Ulitin ito hanggang magkaroon ng 8-10 patong na papel ang lahat ng parte ng molde.<br>5. Ibilad sa araw upang matuyo.<br>6. Sa tulong ng nakatatanda, hiwain ang taka gamit ang cutter upang makuha ang molde. Mapapansin na madali itong tanggalin dahil sa tulong ng ipinahid na wax sa molde bago takaan.<br>7. Idikit muli ang taka sa pamamagitan ng rugby.<br>8. Balutan muli ng dyaryo na may pandikit ang parte ng pinaghiwaan.<br>9. Patuyuin muli.<br>10. Pintahan ayon sa nais na disenyo | 1. Ano ang nangyari kay Carlo?<br>2. Sino ang hiningan ng tulong?<br>3. Tama ba ang ipinagawa ni Gng. Patricio? Bakit?<br>4. Ano ano ang layunin ng pangunang lunas? | Bumuo ng apat na pangkat. Ihanda ang bawat estasyon na iikutan ng bawat pangkat. Ipaalala ang mga pag-iingat na dapat gawin. Ipakita ang tamang paraan sa paggawa ng mga nakalaan sa bawat estasyon. Ipagawa ang mga gawaing nakalaan sa bawat pangkat. Magtala ng 30 segundo hanggang isang minuto para sa bawat estasyon. Pumili ng lider at gawin ang mga gawain sa estasyon. Ang pagpito ng guro ay hudyat na lilipat na kayo sa kasunod na estasyon. (Constructivism) |
| **E. Discussing new concepts and practicing new skills #2** | Isulat sa inyong metacards ang angkop na dynamics sa ilang parirala ng awiting "Ako ay Pilipino".<br>1. Ako ay Pilipino ang dugo`y maharlika (pp) | Isulat sa sagutang papel salitang nasa iskor ng awit na kung saan narinig ang paglakas ng tinig habang nakikinig ng awit Ang Bayan ko gamit ang inihandang kolum sa ibaba. | Gumamit ng alambre, makapal na tali o lubid upang isabit ang mga palamuti. | Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa ninanais na pangkat.<br>**Pangkat I at II- I- DRAMA MO-** Bumuo ng isang maikling skit na nagpapakita ng tamang gawain kapag my nasaktan. | Paglinang ng Balanse *"Backward Hop"*<br>Ang susunod na gawain ay makatutulong sa paglinang ng balanse. Sa tulong ng iyong guro, isagawa nang buong husay at |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. Ako ay Pilipino, Ako ang Pilipino (crescendo)<br>3. Taas noo kahit kanino (ff)<br>4. Sa Pilipipinas na aking bayan (p) | | | **Pangkat III at IV- I-GUHIT MO-** Gumuhit ng senaryo na kung saan ay magbibigay ng lunas ang isang taga Red Cross Paglalahad ng Bawat Pangkat | may ibayong pag-iingat ang gawain.<br>Ipapakita ng guro ang tamang pagsasagawa ng *"Backward Hop"*. Pagkatapos ng pagsasagawa ng alituntunin ng *"Backward Hop"* hahatiin ang klase sa apat na pangkat. Isasagawa ng bawat pangkat nang ilang ulit ang *"Backward Hop"* upang maisagawa nang tama at malinang ang kasanayan.<br>Pamamaraan:<br>Pamamaraan:<br>1. Gumawa ng limang *hop* nang patalikod gamit ang kanang paa, habang bahagyang nakataas ang nakabaluktot na kaliwang paa. Panatilihing nakapikit ang mga mata.<br>2. Sa huling *hop,* manatiling nakatayo sa kanang paa sa loob ng tatlong segundo.<br>3. Ulitin sa kaliwang paa.<br>4. Ulitin lahat nang tatlong ulit na nagsasalitan ang kanan at kaliwang paa. |
| **F. Developing mastery ads to Formative Assessment 3)** | Pangkatang Gawain<br>Pangkat 1 – Paglalapat ng dynamics sa isang awitin<br>(Ili-Ili Tulog Anay)<br>(Bibigyan ng sipi ng iskor ng awit ang unang pangkat)<br>Pangkat 2 – Pagsunod sa mga simbolo na pang dynamics sa awitin.<br>**Daniw**<br> | Anong lyrics o parte sa Iskor ng awit ang may papahina o papalakas na boses habang ito ay inyong pinakikinggan? Ang bawat komposisyong musical ay may ipinahihiwatig na damdamin. Ang bawat awit at tugtugin ay ipinaaabot na mensahe. Ito ay isa sa mga elemento ng musika na makapagbibigay kahulugan sa nais ipahiwatig ng komposisyong musical. | a. Paano tayo makalilikha ng isang magandang papier mache jar gamit ang mga kagamitang makikita sa kapaligiran?<br>b. Anu-ano ang ibat-ibang paraan na dapat alalahanin sa paggawa ng papier mache jar?<br>c. Bakit kailangang maging maingat sa paggawa ng papier mache jar?<br>d. Bakit kailangang isaalang alang ang ibat-ibang kaparaanan sa paggawa ng papier mache? | Kumuha ng kapareha.<br>Pag-usapan ang sumusunod na sitwasyon.<br>Naglalaro ang pangkat perlas ng tumbang preso. Aksidenteng tinamaan ng lata sa noo c Jonas. Saan siya dapat dalhin ng mga kaklase niya? Sino ang dapat nilang lapitan at bakit? | Pangkatang Gawain |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pangkat 3–Lumikha ng 4-line song tungkol sa kahalagahan ng pag-aaral.<br>Lapatan ito ng angkop na dynamics.<br>Pangkat 4- Paglalapat ng dynamics sa pamamagitan ng tunog na maririnig sa mga bagay, hayop at pangyayari<br><br><br><br> | | | | |
| **G. Finding practical applications of concepts and skills in daily living** | Patutulugin mo ang nakababata mong kapatid. Anong awitin ang pipiliin mo at ang dynamics ang ilalapat dito? | Ano ang nais ipabatid ng may akda ng Ang Bayan ko sa mga kabataang Pilipino na katulad ninyo? | a. Paanong makagagawa ng isang epektibo at malikhaing proyekto na tulad ng papier mache jar? | Bumuo ng tatlong grupo kung saan ang bawat grupo ay tatalakayin ang bawat layunin ng pangunang lunas. | Balang-araw, nais mong maging isang magaling na gymnast, ano ang iyong nararapat gawin upang |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | b. Ano-ano ang mga ibat-ibang teknik o paraan sa paggawa ng papier mache jar? | | malinang ang pagbalanse ng iyong katawan? |
| **H. Making generalizations and abstractions about the lesson** | Ang Dynamics ay tumutukoy sa paglakas at paghina ng pag-awit at pagtugtog.<br>May iba't-ibang antas o simbolo ang Dynamics<br>p (piano) awitin ng mahina<br>f(forte) awitin ng malakas<br>Crescendo –awitin ng mahina papalakas<br>Decrescendo- awitin ng malakas papahina | Ang Dynamics ay tumutukoy sa paglakas at paghina ng pag-awit at pagtugtog.<br>May iba't-ibang antas o simbolo ang Dynamics<br>p (piano) awitin ng mahina<br>f(forte) awitin ng malakas<br>Crescendo –awitin ng mahina papalakas<br>Decrescendo- awitin ng malakas papahina | 1. Paano mapapahalagahan ang nagawang proyekto?<br>2. Bakit kailangang alamin at sundin ang ibat-ibang paraan o teknik sa paggawa ng papier mache?<br>3. Paano mapapakinabangan ang nagawang proyekto? | Ano ano ang mga layunin ng pangunahing lunas? | Paano nakatutulong ang paglinang sa balanse ng isang indibidwal? |
| **I. Evaluating learning** | Panuto:Pag-aralan ang awit na Pilipinas Kong Mahal. Tingnan kung aling bahagi ang aawitin nang malakas, mahina, papalakas at papahina. Gamitan ng angkop na simbolo pangdynamics. Ilagay ito sa tamang lugar.<br>**Pilipinas Kong Mahal**<br>P. F. Jernegan Francisco Santiago<br> | Isulat ang simbolo ng bawat antas ng dynamics<br><br>Mahinang Pag-awit ___________<br><br>Katamtamang lakas sa pag-awit___________<br><br>Malakas na Pag-awit____________ | Tukuyin ang mga paraan sa paggawa ng mobile sa pamamagitan ng pagguhit ng sa linya<br>Sa tapat ng bilang.<br><br>________ 1. Ang mobile ay maaring gamitan ng mabibigat na palamuti na maaaring isabit sa pamamagitan ng tali.<br>________ 2. Ang simpleng mobile ay gawa sa isa o dalawa bagay o disenyo na nakasabit sa pamamagitan ng tali o lubid.<br>_________ 3.Isang teknik sa paggawa ng mobile ay ang paggamit ng higit p sa dalawang disenyong bagay na palamuti na isasabit sa pamamagitan ng tali na gumagalaw ng malaya na may balance.<br>_________ 4. Kinakailangan na ang paggawa ng mobile ay may balanse upang gumalaw ang mga disenyong palamuti ng malaya.<br>_________ 5. Sa paggawa ng mobile kinakailangan ang tamang espasyo ng mga palamuting disenyo upang magkaroon ng balance. | Panuto: Basahin mabuti ang bawat bilang. Lagyan ng Tama kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng wastong kaalaman at Mali naman kung hindi.<br>___________1. Ang pangunang lunas ay ibinibigay sa mga taong nais maisalba ang buhay.<br>___________2. Hayaan na lang na magdugo ang sugat sa paa hanggang sa ito ay maampat.<br>___________3. Kumuha ng dahon ng bayabas at ipaamoy ito sa nahihilo.<br>___________4. Lagyan ng yelo ang bahaging nasugatan upang maampat ang pagdurugo.<br>___________5. Matamang makinig sa sinasabai o babala upang maiwasan ang disgrasya. | Ano ang inyong nararamdaman sa katatapos na gawain? Naisagawa ba nang buong husay ang "*Backward Hop*"?<br>Sagutin ang sumusunod:<br>1. Bakit mahalaga ang balanse?<br>2. Paano malilinang ang balanse?<br>3. Ano-anong mga gawain ang nagpapakita ng kasanayan sa balanse?<br>4. Naisagawa mo ba nang buong husay ang *"Backward Hop*?"<br>5. Alin sa sumusunod ang iyong naramdaman sa pagsasagawa ng *"Backward Hop"*: |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **J. Additional activities for application or remediation** | Lumikha ng maikling tula na may 2 stanza na may apat na linya tungkol sa paggamit ng wikang Filipino. Gawaan ito ng tono at lagyan ng dynamics upang higit na maipahayag ang damdaming nais mong iparating. | Magsaliksik ng mga larawan ng ibat-ibang papier mache o taka mula sa internet. Suriin ang paraan o teknik na ginamit. | Magtala ng iba pang katangian ng pangunang lunas na hindi nabanggit sa klase. | Magtala ng iba pang katangian ng pangunang lunas na hindi nabanggit sa klase. | Sa tulong ng isang kontrata na nasa ibaba, gumawa ng personal na kontrata para sa paglinang ng balanse. Ipasa ang kontrata sa susunod na pagkikita. |
| **V. REMARKS** | | | | | |
| **VI. REFLECTION** | | | | | |
| **A. No. of learners who earned 80% in the evaluation** | | | | | |
| **B. No. of learners who require additional activities for remediation who scored below 80%** | | | | | |
| **C. Did the remedial lessons work? No. of learners who have caught up with the lesson** | | | | | |
| **D. No. of learners who continue to require remediation** | | | | | |
| **E. Which of my teaching strategies worked well? Why did these work?** | | | | | |
| **F. What difficulties did I encounter which my principal or supervisor can help me solve?** | | | | | |
| **G. What innovation or localized materials did I use/discover which I wish to share with other teachers?** | | | | | |

**New DEPED daily lesson log formats for quick and hassle-free download only at www.teachershq.com**